# *Upang Maipanganak na Muli*

***"1 May isang lalake nga sa mga Fariseo, na nagngangalang Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio: 2 Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagka't walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios. 3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. 4 Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak? 5 Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. 6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. 7 Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli. 8 Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu. 9 Sumagot si Nicodemo at sa kaniya'y sinabi, Paanong pangyayari ng mga bagay na ito? 10 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na ito? 11 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ang nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming nakita ay pinatototohanan namin; at hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo. 12 Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit? 13 At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng tao, na nasa langit.14 At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao;15 Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.17 Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.18 Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios." (Juan 3:1-18 KJV)***

***Ano ang ibig sabihin ng upang ipinganak na muli?*** Isang pahayag na malawak na lumaganap, at kaya sa mensaheng ito ating mauunawaan ang ibig sabihin nito. Sa pasimula ginawa ng Diyos ang Langit at lupa at lahat ng narito, at sa wakas nilikha ang lalaki at babae. Si Adan at si Eva, Sila'y lumakad nang magkasama kasama ang Dios at nakipagpisan sa Kanya. Tinakpan Niya sila ng Kanyang kaluwalhatian upang hindi nila malaman na sila'y hubad. Ibinigay sa kanila ang isang magandang halamanan kung saan sila mananahan at sinabi sa kanila na maari nilang kanin ang bawat punong kahoy ng halamanan maliban sa isa. Iyon ang puno ng kaalaman ng mabuti at ng masama, ***"16 At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may Kalayaan:17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." (Genesis 2:16-17)*** Nang si Eva ay natukso ni Satanas (ng ahas) kinain niya ang bunga at ibinigay ito kay Adan. Iyon ay kasalanan. Ang kanilang mga mata ay nabuksan at nakita nila ang kanilang sarili na hubad. Ang bunga ng pagsuway ay hindi na maaring makipag-ugnayan sa Dios, at pinalabas sa halamanan. Ang kanilang espiritu ay namatay sa kanila. Sinabi ng Dios, ang kaluluwa na nagkasala ay mamatay gaya ng ating mababasa dito, ***"Narito, lahat ng kaluluwa ay akin; kung paano ang kaluluwa ng ama, gayon din ang kaluluwa ng anak ay akin: ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay." (Ezekiel 18:4)*** Kahit pagkatapos, ang tao ay hindi na maaring makipag-uganyan sa Dios sa paraan na Kanyang niloob, dahil sa kanilang kasalanan at nagdulot sa espiritu na mamatay.

Si Nicodemo nang siya ay pumunta kay Jesus, sinabi ni Jesus sa kanya na ang tao ay kailangang maipanganak na muli kung hindi, siya'y hindi makakapasok sa Kaharian ng Dios, ***"3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios." (Juan 3:3)*** At si Nicodemo ay sumagot sa tanong, ***"Paano maipapanganak ang tao kung siya ay matanda na?*** gaya ng ating binasa dito, ***"Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?" (Juan 3:4)***

Si Nicodemo ay tama sa ilang lawak na walang ina na maaring mangangak na muli sa isang bata na ipinanganak na. Ngunit ang Bibliya ay nagsalita tungkol sa tatlong mga sangkap ng isang tao – ang katawan, ang kaluluwa,

at ang espiritu. At sinabi ni Jesus, "***6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga." (Juan 3:6)*** Kaya mayroong dalawang mga sangkap para sa tao, ang laman at ang espiritu. Ang laman ay nagbibigay ng kapanganakan sa laman, ang ina ay nanganganak sa laman at kabilang dito ang katawan at kaluluwa.

A. ***Ang katawan:*** Kabilang dito ang lahat ng mga organo ng katawan at lahat ng kanilang mga tungkulin; tiyan para sa pagkain, tuhod upang gumalaw, mga kamay upang gumawa, bibig at dila upang magsalita, puso, baga, atay, bato atbp. sa kargdagan ay ang mga organo ay may pananagutan sa pandama, mga tenga upang makarinig, ilong upang makaamoy, dila upang makalasa at balat upang makadama. Ito ang mga organo upang makadama ng mga sensuwal na mga bagay at inihahatid ang mga ito sa utak ng tao upang babalaan ang katawan tungkol sa pagdating ng mga pagbabago at banta, inihahanda ang katawan para sa tiyak at tamang pagkilos.

B. ***Ang kaluluwa:*** Ito ang bahagi ng tao na may pananagutan para mag-isip at pagsuri ng datos na nagmumula sa labas na natanggap sa pamamagitan ng mga pandama ng katawan; kung ano ang naririnig at nakikita ng katawan, nararamdaman, atbp. ipinapadala sa utak upang suriin, at ang kaluluwa sa katotohanan ay ang lugar kung saan ang damdamin ng tao, nararamdaman, at ang pagmamahal ay nagaganap. Ang kaluluwa ay ang bahagi na na nagdudulot sa tao upang umibig o mamuhi, upang malungkot, o masaya, upang maginhawaan o mabalisa. Ang kaluluwa din ay bahagi ng tao na nag-iisip at gumagawa ng pagpapasya, batay sa datos na natanggap at batay sa kalooban at ng determinasyon ng tao.

Ang tao, kapag siya ay ipanganak mula sa kanyang ina, siya ay ipapanganak sa katawan at kaluluwa. Sa paglago ng tao at ay nagsisimulang malaman ang buhay at ang kanyang kapaligiran, ang kanyang kaluluwa ay nagsisimula ding lumago sa kanyang isip sa pagsusuri sa lahat ng kanyang natatanggap mula sa labas at siya ay magsisimulang gumawa ng kapasyahan at maging may pananagutan sa bawat hakbang na kanyang gagawin. Sa yugtong ito ng pananagutan, nababatid ng tao ang maraming katotohanan tungkol sa buhay sa sanglibutan lalo na sa kung ano ang karaniwang nalantad sa kanya.

C. ***Ang Espiritu:*** Ito ang bahagi ng tao na kaugnay sa Dios, nakikipag-ugnayan at may kamalayan tungkol sa Dios. Ang unang lalaki at babae na nilikha ng Dios ay lubos na nakaalam kung sino ang Dios. Ngunit pagkatapos na sila'y sumuway sa Dios at nagkasala, ang kanilang espiritu ay namatay, at ang kamalayan ng tao tungkol sa Dios ay ganap na nahikayat ni Satanas at ng sanglibutan.

Ang katawan at ang kaluluwa ng tao ay nakagawa sa tao ng laman, kung saan tinawag ni Pablo na likas sa tao laban sa espirituwal na tao. ***"14 Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. 15 Nguni't ang sa espiritu ay nagsisiyasat sa lahat ng mga bagay, at siya'y hindi sinisiyasat ng sinoman." (1 Corinto 2:14-15 KJV)***

Ang kalagayang ito ng tao nang may patay na espiritu dahil sa kasalanan ay nagpatuloy hanggang si Jesus ay bumaba mula sa Langit na, Siya ay 100% na tao at 100% na Dios. Siya ay puspos ng Espiritu ng Dios. Sa paniniwala kay Jesus at gumawa ng kapasyahan na sundin Siya upang gawin Siya bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, natanggap natin ang Espiritu ng Dios na nagbabagong-buhay sa ating espiritu at tayo'y magiging bagong nilalang. Ang espiritu ay may tatlong sangkap ng tao na kinakailangang ipanganak na muli. Kapag ating tinanggap si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon ang Espiritu ng Dios ay nakakagawa sa ating espirituwal na mabuhay at may kamalayan sa Dios. Tayo ay ipinanganak na muli sa espiritu. Ang ating mga ina sa laman ang nagsilang sa atin bilang laman o katawan at kaluluwa, ngunit ang Dios ay Espiritu, at binigyan tayo ng bagong kapanganakan sa Espiritu. "***6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga." (Juan 3:6),*** at gaya ng sinabi din ni Jesus tungkol sa bawat isa na ipinanganak sa Espiritu, ***"8 Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu." (Juan 3:8)*** Kapag tayo'y ipinanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu gaya ng sinabi ni Jesus, ang Espiritu ay magsisimulang kumilos sa atin upang magbagong buhay tayo at baguhin tayo. Ang ating kalikasan ay mababago mula sa pagiging makasarili tungo sa pagibig; tinatalikuran natin ang galit, inggit at paninibugho at ang iba pang gawain ng laman tungo sa kahinahunan, pagpapakumbaba at pagtitiyaga at sa iba pang gawain ng Espiritu; mula sa isang nakakapinsalang tao upang maging kapaki-pakinabang hindi lamang para sa ating sarili kundi isang pagpapala rin sa ibang tao. ***"17 Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo,***

***siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." (2 Corinto 5:17)*** Ito ay gagawin ng Espiritu ng Dios na ibinigay Niya sa atin gaya ng babasahin natin dito, ***"5 Ngayon ang gumawa sa amin ng bagay ding ito ay ang Dios, na nagbigay sa amin ng patotoo ng Espiritu." (2 Corinto 5:5)*** Ang Espiritung ito ng Dios ang papatnubay sa ating isip upang gumawa ng tamang pasya, upang malaman ang katotohanan at ang upang protektahan tayo mula sa pinasala at mga tukso na maaring dalhin ni Satanas sa ating landas. Ang Espiritu ng Dios na nabubuhaysa atin ay palaging nasasa atin habang tayo'y tapat na nagtitiwala sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo.

**Sino ang kailangang maipanganak na muli?**

***"7 Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na mulix 9 Sumagot si Nicodemo at sa kaniya'y sinabi, Paanong pangyayari ng mga bagay na ito?" (Juan 3:7 KJV)*** Pagkatapos sa pinaka pasimula pagkatapos magkasala ni Adana at Eva sa Dios ay mayroong plano na ipadala si Jesus na ipapanganak ng babae gaya ng sinabi ng Dios kay Eva sa araw na siya ay nagkasala. ***"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15 KJV)*** Ang binhi dito ay ang Mesiyas, si Jesus, ang Anak ng Dios, na sa huli'y ipinanganak sa pamamagitan ng isang babae, si Maria, gaya ng mababasa natin dito, ***"4 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Galacia 4:4)*** At sa pagtanggap kay Cristo tayo ay tinubos, sapagkat binayaran ni Cristo ang halaga para sa ating mga kasalanan sapagkat Siya ay dumating para sa layuning ito, at kaya tayo'y naging mga anak ng Dios, at dahil doon ipinadala Niya ang Espiritu ng Kanyang anak sa ating mga puso, gaya ng ating mababasa rito, ***"5 Upang matubos niya ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak. 6 At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama." (Galacia 4:5-6)*** Si Jesus nang Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan, tayo'y nagkaroong muli ng pakikipag-ugnayan sa Dios, ang Manlilikha, gaya ng espiritu na nasa atin ay ipinanganak na muli.

**Sino ang kailangang ipanganak na muli?**

Ang lahat, dahil lahat tayo ay may kasalanan, ***"23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;" (Roma 3:23)*** Dahil sa kasalanan, walang tao makaabot sa Dios. Walang sinuman ang matuwid, wala kahit isa, ***"Gaya ng nasusulat, Walang matuwid, wala, wala kahit isa;" (Roma 3:10 KJV)*** Ang ating mabubuting gawa at anuman ang ating gawin ay hindi makakapagligtas sa atin sapagkat tayo ay makasalanan at hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili. Ngunit ang Diyos dahil sa Kanyang pagibig sa atin ay ibinigay ang kaligtasan para sa lahat, gaya ng ating mababasa rito, ***"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin." (Roma 5:8 KJV)*** Si Jesus, ang anak ng Dios, na walang kasalanan, namatay sa krus at binayaran ang kaparusahan ng ating mga kasalanan, at kinuha ang mga kasalanan ng bawat taong nabuhay at mabubuhay sa mundong ito sa kanyang sarili. ***"16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.17 Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya." (Juan 3:16-17 KJV)*** Sa gayon sa mga mananampalataya sa Kanya at susunod sa Kanya sila'y maliligtas, ngunit sa mga hindi mananampalataya ay hahatulan: ***"18 Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios." (Juan 3:18 KJV)***

Marami, kabilang si Nicodemo, ay namangha sa kung anong ginawa ni Jesus dahil Siya ay nagtuturo ng may kapangyarihan at pagsasagawa ng mga himala, pagpapagaling sa may karamdaman, pagbuhay sa namatay, pabubukas ng paningin ng bulag, nagsalita ang mga pipi, ang bingi ay nakarinig, at pinarami Niya ang tinapay at isda upang pakainin ang libo-libong mga tao. Ang mga himalang ito na nakita at narinig ni Nicodemus at ng iba ay napagtanto nila na si Jesus ay hindi isang pangkaraniwang tao kundi isang tao na ipinadala ng Dios mula sa Langit, at dito si Nicodemus ***"2 Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagka't walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios." (Juan 3:2 KJV)*** sa pagiging isang guro at tagasunod ng Diyos sa paglapit ni Jesus ay hindi direktang nagtatanong kung ano pa ang kinakailangan niyang gawin bukod sa nakamit na niya. Si Nicodemo ay taga sunod ng Dios at isang lalaki na batid ang kautusan ng Dios at naglilingkod sa Dios at sumusunod sa kautusan. Nguinit sinabi ni Jesus sa kanya ang sumusunod: ***"3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios." (Juan 3:3 KJV)*** At iyon ang katotohanan

sapagkat si Nicodemo ay ipinanganak sa kasalanan gaya ng isa sa atin, ang kanyang espiritu ay patay at kinakailangang ipanganak na muli, at hindi maaring iligtas ng kanyangs sarili kaya kailangan ng isang manliligtas upang mamatay para sa kanyang mga kasalanan, at iyon ay si Jesus at kung tatangapin niya ang gawa ni Jesus sa krus para sa kabayaran ng kasalanan ng sangkatauhan sa gayon si Nicodemo ay maliligtas at ipapadala ng Dios ang Kanyang espiritu upang hayaan ang kanyang patay na espiritu ay maipangangak na muli.

***"4 Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?"*** Iniisip ni Nicodemo na ang kanyang katawan at kaluluwa ay kailangang maipanganak na muli, at hindi alam na ang kanyang patay na espiritu ay kinakailangang maipanganak na muli, at kaya naman ipinaliwanag ito ni Jesus sa kanya: ***"5 Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. (Juan 3:5 KJV)*** Upang makapasok sa Kaharian ng Dios kailangan mo ng sumusunod:

1. ***Kailangan mong maipanganak sa tubig:*** Ang tubig dito ay hindi ang bautismo ng tubig, bagama't ang lahat ng mananampalatay kay Cristo ay kailangang mabinyagan sa tubig. Ngunit ang tubig dito ay ang fluid media na kung saan sa ova ng tao ay napataba ng isang sperm at simulang bumuo ng bagong tao gamit ang kanyang katawa at kaluluwa.

2. ***Kailangan mong maipanganak sa Espiritu:*** Iyon ang Espiritu ng Dios na maipapanganak na muli sa iyong espiritu at ikaw ay maipapanganak na muli. Ito ay magaganap kung tatanggapin mo na ikaw ay isang makasalanan at tanggapin ang kamatayan ni Jesus sa krus ay kabayaran para sa iyong mga kasalanan, at gaya ng iyong pagsisisi at pagtanggap kay Jesus bilang iyong Tagapagligtas at Panginoon, sa gayon tatanggapin mo ang Banal na Espiritu na magdudulot sa iyong patay na espiritu na mabuhay at maipangangak na muli.

Sa gayong paliwanag mauunawaan natin ang ibig sabihin ni Jesus sa sumusunod: ''***6 Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga." (Juan 3:6 KJV)*** Hindi sapat para sa iyong katawan at kaluluwa ay maipanganak mula sa laman ng iyong mga magulang, kundi ang iyong patay na espiritu ay kinakailangang maipanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, ang iyong Ama sa Langit.

Huwag tumulad kay Nicodemo na tinanggap si Jesus na nagmula sa Dios, kundi kailangang tanggapin din na ***"Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios."***

Sa gulang ng pananagutan ang tao ay ganap na nababatid ang kanyang kapaligiran, at ang Dios ay nagsimulang makipag-usap sa kanya, at kahit ngayon ang Dios ay nakikipag-usap sa iyo. Ang Dios ay lumalapit sa tao sa maraming paraan sinasabi ng Bibliya na, ***''1 Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta. 2 Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;3 Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;" (Hebreo 1:1-3 KJV)*** Ang anak ang sinag ng kaluwalhatian ng Dios at ang eksaktong kinatawan ng Kanyang pagkatao. Si Jesus ang larawang di-nakikitang Dios; Siya ay Dios, Siya ay naging tao, Siya ay dumating sa lupa upang salitain sa mga tao, upang malaman nila ang Dios at malaman ang katotohanan,at ang daan na nais ng Dios na tahakin nila. Si Jesus ay dumating mula sa Langit upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan. Kinuha NIya ang ating mga kasalanan at namatay para sa atin sa krus. Ang Kanyang dugo ay ibinuhos para sa ating mga kasalanan at namatay para sa atin sa krus. Ang Kanyang dugo ay ibinuhos para sa ating kapatawaran, at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang magbigay ng walang hanggang buhay sa lahat ng mga maniniwala sa Kanya. Kapag ang tao ay namatay ang kanyang katawan ay mabubulok ngunit ang kanyang kaluuwa ay mananatiing buhay para sa Kaharian ng Dios o sa paghatol sa impierno. Ngunit ang Espiritu na ating tinaggap gaya ng pagtanggap kay Jesus, ay magdadala sa atin sa walang hanggang buhay, at magliligtas sa atin mula sa walang hanggang apoy na itinakda para sa masasama at sa mga tumangging maniwala kay Jesus ngunit mas piniling mamuhay sa katawan malayo sa Dios.

**<u>Paano maipanganak na muli?</u>** Ito ay madali, ito ay mangyayari sa maraming paraan at sa maraming lugar at iba't ibang panahon, at kahit ngayon, may kasama itong ilang mga simulain:

a. Alam kong mahal ako ng Dios at may sagot sa buhay ko.
b. Napagtanto ko na ako ay isang makasalanan, at nahiwalay sa Dios sa pamamagitan ng kasalanan.
c. Napagtanto ko ang sagot ay nasa kay JesuCristo at sa kanyang kamatayan sa krus para sa aking mga kasalanan-hindi sa anumang bagay na maari kong subukang gawin. Si Jesus ang gumawa ng tulay sa pagitan ko at ng Dios.
d. Tumutugon ako sa tatlong katotohanan sa itaas at inilalagay ang aking bibig at buhay kung nauunawaan ng aking isip: Hinihiling ko kay Jesus na pumasok sa aking buhay bilang aking Tagapagligtas at Panginoon, ang bilang ng unang tao o bagay na aking ikinabubuhay., at hind isa aking sarili, sa aking pamilya o sa aking mga plano.

Malinaw na malinaw sa Kasulatan na kailangang mong sabihin at ipagtapat sa pamamagitan ng iyong bibig ang Panginoong Jesus at maniwala sa iyong puso na binuhay Siya ng Dios mula sa mga patay gaya ng mababasa natin dito sa Roma, ***"9 Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka:10 Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas." (Roma 10:9-10 KJV)***

<u>**Paano tayo naapektuhan ng pagkapanganak na muli?**</u> Kapag natanggap natin Siya, tinutulungan Niya tayong kumilos, mamuhay at maging ganap na mga anak na lalaki at babae ng Dios. Kapag ikaw ay ipinanganak na muli, malalaman mo ang sandalling iyon at ang araw kung saan ang iyong buhay ay ganap na nagbago dahil ikaw ay ipinanganak na muli at isang ganap na naiibang tao.

1. Tayo ngayon ay nasa pamilya ng Dios, ang Kanyang simbahan, at ay mag mga kapatid na lalaki at babae at tayo'y naging kasapi ng sambahayan ng Dios gaya ng babasahiin natin sa Efeso, ***"19 Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios, 20 Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok;21 Na sa kaniya'y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon;22 Na sa kaniya'y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Dios sa Espiritu." (Epeso 2:19-22)*** Kaya naman tayo naging bahagi ng simbahan ng Dios na naging ating bagong pamilya.

2. Tayo ay nagsimula ng buhay at buhay na ganap gaya ng ipinanagko ni Jesus sa ***Juan 10, "10 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na ito?" (Juna 3:10 KJV)***

3. Tayo ay mayroong buhay, at walang katapusan at walang hanggan, nilampasan natin ang kamatayan tungo sa buhay, kaya't wala nang takot sa kamatayan. **"24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan." (Juan 5:24 KJV)**

4. Maari na tayong lumapit sa Dios at direktang manalangin sa Kanya dahil kay Jesus, na magkaroon tayo ng tiwala na kung tayo'y humingi ng anumang bagay ayon sa Kanyang kalooban, didinggin Niya tayo, ***"14 At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: 15 At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi." (1 Juan 5:14-15 KJV)***

5. Tayo ay may tagumpay laban sa diablo at sa sanglibutan, Sinasabi sa atin ng ***1 Juan 5:4*** na ang bawat ipinanganak ng Dios ay mananaig sa sanglibutan. ***"4 Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya." (1 Juan 5:4 KJV)***

6. Tayo ay mga bagong nilalang, na ibig sabihin ay tayo ay binago, ang dati ay wala na at bago ay dumating gaya ng ating babasahin dito, ***"17 Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." (2 Corinto 5:17 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal: "19 At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa kaniya ng mga Judio mula sa Jerusalem ang mga saserdote at mga Levita upang sa kaniya'y itanong, Sino ka baga? 20 At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag, Hindi ako ang Cristo. 21 At sa kaniya'y kanilang itinanong, Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? At sinabi niya, Hindi ako. Ikaw baga ang propeta? At siya'y sumagot, Hindi." (Juan 1:19-21 KJV)*** Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at gamitin ang pagkakataong ito ang Dios ay nagsalita sa iyo at sa pag-anyaya sa iyo upang maipanganak na muli, upang bigyang buhay sa iyong patay na espiritu upang makapasok ka sa Kaharian ng Dios. Lumapit sa Dios sa pamamagitan ng pagpapahayag na si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon sa iyong buong buhay. Tanggapin na ikaw ay isang makasalanan, magsisi sa iyong mga kasalanan, at tanggapin na si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan sa krus at binuhay Siya ng Dios mula sa mga patay. Anyayahan ngayon si Jesus sa iyong puso at buhay. Manalangin ng panalangain na ito kung ikaw ay hindi pa naipapanganak na muli.

*Panginoong Jesus, Ikaw ay aking tinatanggap bilang Panginoon at aking Tagapagligtas, Ako'y naniniwala sa iyong mga salita, na ikaw ay namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at binuhay ka ng Dios mula sa mga patay. Panginoon ako'y nagsisisi sa aking mga kasalanan____________________. Panginoon, binubuksan ko ang aking puso at buhay sa iyo, lumapit at pumasok ka sa aking puso at sa aking buhay. Panginoon, salamat sa iyong pagliligtas sa akin at ako'y nagagalak na tanggapin ang iyong Espiritu. Panginoon baguhin mo ang aking buhay at buhayin ang aking espiritu sa buhay dahil handa akong mamuhay sa pagsunod sa Iyo, Aking dalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginooon salamat sa iyong Salita na ginawang malinaw ang mga bagay sa akin tungkol sa kahulugan at kung paano maipanganak na muli. Panginoong Jesus salamat sa bagong kaluluwa na iniligtas mo ngayon at sa mga nagbigay ng kanilang buhay sa iyo at tinanggap ka bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buong buhay.*

*Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan________________________________________________. Panginoon ipinapangako ko ang aking buhay upang mabuhay para sa iyo at upang maglingkod sa iyo hanggang sa huli ng aking buhay sa lupa o hanggang sa iyong pagparito upang kunin kami kasama mo sa Langit.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na Lalaki a t Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginonn pagpalain kami bilang isang simbahan at pangunahan kami at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang magebanghelyo at magbahagi ng aming buhay na patotoo sa iba upang makilala ka nila at at sumunod sa iyo. Panginoon paging dapatin kaming yumaon at gumawa ng bagong mga alagad at bautismuhan sila sa pangalan ni Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Panginoon pangunahan kami at tulungan kami na magsanay ng bagong mga manggagawa upang maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag-aaral ng Bibliya para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang saskit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Upang Maipanganak na Muli. Juan 3:1-18. Genesis 2:16-17. Ezekeil 18:4. 1 Corinto 2:14-15. 2 Corinto 5:17. 2 Corinto 5:5. Genesis 3:15. Galacia 4:4-6. Roma 3:23. Roma 3:10. Roma 5:8. Hebrew 1:1-3. Roma 10:9-10. Epeso 2:19-22. Juan 10:10. Juan 5:24. 1 Juan 5:14-15. 1 Juan 5:4.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com